ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# KONTEKSTWALISADO AT LOKALISADONG BANGHAY-ARALIN SA FILIPINO 9
## (Contextualized and Localized Lesson Plan in Filipino 9)

**Cherlita L. Igcas**
*Teacher III, Malitbog National High School, Malitbog, Southern Leyte*

**ABSTRACT**
*The objective of this study is to evaluate and assess lesson plans in Filipino. The researcher employed an evaluative-developmental design. Thirteen (13) teachers handling Filipino 9 in IAD 4 served as participants in the study. The standards used by the evaluators to assess the Grade 9 lesson plans were based on the criteria set by the Department of Education (DepEd). The analysis revealed that the components of the lesson plans were rated as highly valid overall. Specifically, the indicators such as objectives, concepts, and instructions were all rated as very highly valid, while practical activities/exercises and topics were rated as highly valid. In terms of the acceptability level in developing the lesson plans, the overall rating was highly acceptable. Clarity, language and style, illustrations, and presentation all received highly acceptable ratings, while usefulness and relevance were rated as more than acceptable. It was concluded that the localization and contextualization of the Filipino 9 lesson plans are essential for helping students relate the content to real-life situations, thereby enhancing their abilities and skills. It is recommended that educational leaders address the issues faced by teachers, particularly the lack of resources, in order to meet the goals of the K to 12 curriculum. Additionally, it is proposed that the concerned authorities in the Southern Leyte division establish a group to collect literary works from the province and compile them into a book or teaching guide that can be used by teachers as a basis for instruction.*

**KEYWORDS:** *Clarity; Highly Acceptable; K To 12 Curriculum; Illustrations; Language and Style*

## 1.0 INTRODUCTION

Ang nilalaman ng nalinang na lokalisado at kontekstwalisado banghay-aralin ay katanggap-tanggap na gamitin sa pagtuturo ng Filipino 9. Layunin ng K to 12 na sariwain o alalahanin ang sariling panitikan upang maunawaan ang sariling kultura at mga kaugalian ng isang lugar kung saan napabilang ang isang mag-aaral. Isa sa mga binigyan ng programa ng K to 12 ay ang tinatawag na lokalisasyon at kontekstwalisasyon. Sa panahon ng walang tigil na pag-iral ng globalisasyon responsibilidad ng bawat guro na iukit sa mga utak ng mga mag-aaral ang kanilang sariling pagkakilanlan. Ayon Borong (2024) ang guro ay may tungkuling ipananatili sa isipan at damdamin ng kanilang mga mag-aaral ang kanilang sariling panitikan. Sa paraan ng pagsanib nito sa banghay-aralin.

Nakatalaga sa Batas Pambansa 10533, Sec. 10.2 (d) at (h) na nagsabing ang kurikulum ay dapat na maging kontekstuwalisado. Ipinahiwatig dito na ang kurikulum ay dapat naitutugma sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral upang makayanan at mapahintulutan ang mga paaralan na mailokalisado at maindigenize, at mapayaman ang kurikulum batay sa kanilang kalagayan ng edukasyon at panlipunang mga konteksto. Isa sa mga binigyang-diin ng K to 12 Curriculum ay makuha ang kapakinabangan sa patuloy na paglalapat at pag-unawa sa lokalisasyon at kontekstuwalisasyon sa sitwasyon ng pagkatuto. Gawing lokalisado at kontekstuwalisado sa kanilang sitwasyon ng pagkatuto sa loob ng silid-aralan at napakahalaga na ilapat ang mga mag-aaral sa naiibang mga kalagayan sa pamamagitan ng lokalisasyon at kontekstuwalisasyon sa kanilang sitwasyon ng pagkatuto.

Ibinahagi rin ni Borong (2021) gamitin ang sariling panitikan tulad ng; awiting bayan, tula o kaya'y balak, kwento, at iba pa bilang lunsaran. Magandang paraan ito na mapamahal at maunawaan ang teksto ng kanilang sariling panitikan. Ang epektibo at makabuluhang banghay-aralin ayon kay Sarmiento at Reyes (2025), ay yaong tumangkilik ng sariling panitikan. Iminungkahi niyang sa halip na dalhin mo ang iyong mga mag-aaral sa Amerika ay dalhin mo sila sa inyong sariling lugar. Samakatuwid planuhin nang mabuti ang paggawa ng banghay-aralin at siguraduhing naaayon ito sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Nagpapahiwatig lamang ito na nasa balikat ng mga guro kung paano mamahalin ng mga mag-aaral ang sariling panitikan upang magkaroon sila ng sapat ng kaalaman sa kanilang sariling panitikan. Batid ng lahat na marami sa mga mag-aaral sa kasalukuyan na mas tinangkilik ang panitikan ng ibang bansa o lugar. Sa katunayan personal itong naranasan ng mananaliksik nang ibinahagi niya ang *balak* sa klase. Pinagtatawanan lamang ito ng mga mag-aaral dahil sa paraan ng pagpapahayag.

Suliranin ng mga guro ng IAD 4 ay ang kakulangan ng mga sariling akdang pampanitikan para maisakatuparan ang hangarin ng programa ng K to 12 na mailokalisado at maikontekstwalisado ng guro ang sariling panitikan. Kaya binuo ang pag-aaral na ito sa layuning malinang ang kontekstwalisado at lokalisadong banghay-aralin sa Filipino 9 at sa pamamagitan nito mabawasan ang mga suliranin ng guro. Naniniwala ang mananaliksik na ang awtput na pag-aaral na ito ay magiging isang malaking kontribusyon sa distrito ng Saint Bernard. Layunin ng pag-aaral na ito ay ang pagtataya sa kontekstwalisado at lokalisadong banghay- aralin sa Filipino 9.

Kinilala sa pag-aaral na ito ang antas ng katanggap-tanggap at baliditi ng banghay-aralin sa Filipino 9.

## 2.0TEORETIKAL-KONSEPTWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Ginamit na batayan sa pag-aaral na ito ang mga pahayag ni Milkova (2013) at Piaget (1980). Ipinahayag ni Milkova (2013) na ang banghay-aralin ay kagamitang pampagtuturo na nagsisilbing daan sa pagkatutuo ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na malaki ang papel na ginagampanan ng mga guro bilang pangalawang mga magulang lalo na kapag ang pagkatuto ang pag-usapan. Ang kaalaman ng mga mag-aaral ay nakasalalay sa nilalaman o napapaloob ng banghay-aralin.

Ang mga guro ang gumagabay sa mga kabataan sa isang mabuting daan sa pag-aaral Responsibilidad ng mga guro na hubugin ang pagkatao ng mga mag-aaral. Ipinaliwanag pa rin niya na mahusay ang isang guro kung mapagtapos niya ang kanyang mga mag-aaral kung sila ay puno ng kaalaman. Naniniwala ang mananaliksik na isa sa mga susi ng isang guro para magkakaroon ng isang de-kalidad na mga mag-aaral ay ang pagkamaparaan nito sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo tulad ng banghay-aralin.  Ayon pahayag ni Depardas (2025) ang pagbuo ng mga kagamitang panturo at pampagkatuto ay may layuning makaagapay sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Sa kasalukuyan ang mundo ay napapalibutan ng mga makabagong teknolohiya. Dahil sa teknolohiyang ito nawalan ng gana ang mag-aaral sa mga sariling produkto tulad ng mga akda. Sa dahilang ito ang guro ay gagawa ng mga inobasyon na mabalik ang interes ng mga mag-aaral sa kanilang sariling produkto.Ayon sa teorya ni Piaget (1980) na *developmental theory,* binigyang-diin niya na ang pagkatuto ay dumaraan sa proseso.

Inilahad pa ni Piaget (1980) na binanggit nina Yamson at Borong (2023) na lubusang makaunawa ang bata sa mga pangyayari sa mundo dahil sa kanyang mga karanasan sa silid-aralan. Nangangahulugan lamang na ang mailokalisado ang mga sariling panitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kontekstwalisadong paraan ng pagtuturo ng guro sa kanilang mga mag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na tungkulin ng bawat guro na ipananatili sa puso at isipan ng kanyang mga mag-aaral ang mga lokal na panitikan at napapaloob nito. Walang kabuluhan ang magandang estratehiyang ginamit ng guro kung nakalimutan ng mga mag-aaral ang tunay niyang kultura.

Ang tungkulin ng guro ay dapat ikintal sa isipan ng mga mag-aaral ang sariling panitikan sapagkat tungkulin niya na maihanda ang kanyang mga mag-aaral na matutong makibagay at gumawa sa lipunang kanilang ginagalawan.  Ayon kay Regaton (2025), kakaiba ang ugali ng mga Pilipino sapagkat bawat lugar ng bansang Pilipinas ay may iba-ibang kultura at kaugalian. Dapat itong malaman ng mga mag-aaral lalo na ang kanilang sariling kultura at kaugalian. Isa sa mga instrumento na makilala ang mga ito ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga kagamitang pampagtuturo.

Ang pahayag nina Milkova (2013) at Piaget (1980) ay may kaugnayan sa nakalahad sa Batas Pambansa 10533, Sec. 10.2 (d) at (h) na nagsabing ang kurikulum ay dapat na maging kontekstuwalisado. Ipinahiwatig dito na ang kurikulum ay dapat naitutugma sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral upang makayanan at mapahintulutan ang mga paaralan na ma-lokalisado at ma-indigenize, at mapayaman ang kurikulum] batay sa kanilang kalagayan ng edukasyon at panlipunang mga konteksto.

Ayon kay Sarmiento at Reyes (2025), ang kontekstuwalisasyon ay maaaring gawin sa lahat ng asignatura sapagkat malaki ang antas ng hangganan sa paggamit ng mga materyal na matatagpuan sa lokalidad o lokal na pamayanan. Pagkokontekstwalays/pagko-contetualized nito ang guro ay gagamit ng bagay na may buhay, totoong mga materyal, mga kagamitan, mga gawain, mga karanasan, mga kinagigiliwan, mga isyu, at mga pangangailangan mula sa paraan ng pamumuhay ng mga mag-aaral. Dagdag pa, nararapat na bigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na mailahad ang nakilang interes, usapin at malinang ang epektibong pamamaraan para sa kanilang kahusayan. Sa kasalukuyan, malaking hamon ng isang tagahubog kung paano makontekstwalisado ang sariling panitikan sapagkat nahuhumaling ang mga kabataan sa panitikan sa ibang bansa.

## 3.0 METHODOLOGY

Ang bahaging ito ay naglahad sa pamamaraan at paraang pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito. Ginamit sa pag-aaral na ito ang *developmental evaluative.* Mga guro sa Grade 9 na napabilang sa IAD 4 at mga mag-aaral ng Grade 9 sa New Guinsaugon National High School ang mga kalahok sa pag-aaral na ito.

**Talahanayan 1**
***Profile na mga Kalahok na Guro***

| Posisyon | Frequency | Karanasan ng Pagtuturo | Frequency |
|---|---|---|---|
| SST-1 | 0 | 1-3 taon | 0 |
| SST-1I | 2 | 4-6 taon | 2 |
| SST-1II | 2 | 7-9 taon | 2 |
| MT-1 | 2 | 10-12 taon | 2 |
| MT-1I | 0 | 13 taon pataas | 0 |
| ***Kabuuan*** | **6** | | **6** |

May anim (6) na gurong nag-ebalwet sa banghay-aralin ng mananaliksik. Tatlong guro ang nagtayA sa mga ginawang banghay-aralin ng mananaliksik. Ang mga guro ay pawang mga tagapagdaloy sa K to 12. At tatlong guro naman ang nagtaya sa

ginawang Pinaunlad na Banghay-aralin ng Grade 9 ang nagsuri tungkol sa *validity* at *acceptability.* Sila ay nagtuturo sa Grade 9 at pawang nakadalo sa training workshop sa K to 12 Grade 9. Nasa SST II at SST 3. Kadalasan sa mga kalahok ay nasa mataas na karanasan. Ang ginawang instrumento ng pag-aaral na ito ay ang nabuong awtput ng mananaliksik ang Pinaunlad na Banghay-aralin na tinaya sa tatlong ekspertong guro sa Filipino. Ang tatlong ekspertong kinuha ay pawang naging tagapagdaloy sa K to 12. Sa pagsusuri sa Pinaunlad na Banghay-aralin ginamit ang DepEd Order 42, s. of 2016 bilang pamantayan. Ang paraang ginamit sa paglinang at pagtaya sa pinaunlad na banghay-aralin ay ang waterfall model ni Royce (2016) kung saan napapaloob dito ang tinatawag na *linear sequential design approach*. Ang daloy ng pagsusuri ay ang pagplano o pagdidesinyo, analisis at pagbubuo. Sa modelong ito sinunod ang mga sumusunod na yugto: una ang ***pagdesinyo***, ito ay ang pagtitipon ng mga nadesinyong banghay-aralin sa Filipino 9. Sa yugtong ito tinipon ang labinlimang (15) nabuong banghay-aralin mula una hanggang ikatlong markahan. Tiniyak ng mananaliksik na ang nabuong banghay-aralin ay sumunod sa ipinatupad na *format* na ibinigay ng punong-guro. Pangalawa ay ang ***analisis***, kung saan sa yugtong ito ay pinasuri ng mananaliksik sa tatlong (3) Master Teacher na mula sa iba't ibang distrito ng St. Bernard, Southern Leyte. Ang mga gurong (Master Teacher) pinili bilang ebalweytor o tagasuri sa mga banghay-aralin ay pawang may karanasan bilang tagapagdaloy sa K to 12 Kurikulum. Ang ginawa ng mga ebalweytor, bukod sa nagbigay ng iskor o marka nagbigay rin sila ng mga mungkahi at rekomendasyon. Pagkatapos naisakatuparan ng mananaliksik ang lahat na mga mungkahi ay ipinasuri muli sa mga ebalweytor. Sa yugtong ito ay nagbigay na ng iskor o marka ang mga ebalweytor sa antas ng baliditi ng banghay-aralin at antas ng lebel na katanggap-tanggap na paglinang. Ang huling yugto ay ang ***pagbubuo***. Pagkatapos naunawaan ang mga mungkahi ng mga ebalweytor kung paano magkaroon ng isang baliditi na banghay-aralin at katanggap-tanggap na paglinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa bawat bahagi ng banghay-aralin ay bumuo ang mananaliksik ng isang Pinaunlad na Kontekstwalisasyon at Lokalisasyon na Banghay-Aralin sa Filipino 9. Pagkatapos pagsamahin ang iskor ng tatlong tagasuri kinilala ang antas ng baliditi ng banghay-aralin at lebel ng katanggap-tanggap na paglinang sa bawat bahagi ng banghay-aralin gamit ang *mean*.

## 4.0 PAGLALAHAD NG RESULTA

Inilahad sa kabanatang ito ang resulta ng pagsusuri tungkol sa paglinang at pagtataya ng banghay-aralin ng Grade 9.

*Paglinang at Pagtataya sa Kontekstwalisado at Lokalisadong Banghay-aralin sa Filipino 9*

Ang napapaloob sa bahaging ito ay ang resulta ng pagsusuri ng mga guro sa mga pagtataya sa pinaunlad na banghay-aralin. Ang *validity* at *acceptability* ng nilalaman ng banghay-aralin.

*Baliditi ng Banghay-aralin*

Sa bahaging ito inilahad ang resulta ng pagsusuri tungkol sa baliditi ng banghay-aralin ng Grade 9. Ipinakita sa resulta na mataas ang *ratings* na ibinigay ng mga kalahok sa bawat pamantayan sa paggawa ng layunin sa banghay-aralin. Nangangahulugan ito na may sapat na kaalaman ang guro sa lawak ng paksa sa pagkilala ng layunin na kinapapapalooban ng SMART (specific, measurable, attainable, result oriented, and time bounded) na mga katangian.

Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang guro ay puno ng kaalaman sa mga layunin ng pag-aaral. Ito ang pinakamahalagang kakayahan na dapat angkinin ng bawat guro sapagkat dito nakasalalay ang kanyang pagtuturo o katagumpayan ng pagtuturo.

**Talahanayan 2**
***Baliditi ng Banghay-aralin Ayon sa mga Layunin***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | | Mean |
|---|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa mga layunin/paksa | 5 | 4 | 5 | **4.6** | *Napakabalido* |
| Malinaw ang pagkalahad | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Napakabalido* |
| Masusukat (measurable) ang aralin | 4 | 5 | 4 | **4.3** | *Napakabalido* |
| Matatamo ang mga aralin | 5 | 5 | 4 | **4.6** | *Napakabalido* |
| Nakatuon sa resulta | 4 | 4 | 5 | **4.3** | *Napakabalido* |
| Angkop ang inilaang oras | 4 | 4 | 5 | **4.3** | *Napakabalido* |
| **Kabuuan** | | | | **4.5** | ***Napakabalido*** |

*Deskripsiyon:*
*4.2 - 5.0 Napakabalido*
*3.4 - 4.1 Balidong-balido*
*2.6 - 3.3 Balido*
*1.8 - 2.5 Hindi masyadong Balido*
*1.0 - 1.7 Hindi Balido*

Nangangahulugan lamang na ang mga layuning maikontekstwalisado at mailokasido ang pagtuturo ay dapat maisakatuparan ng bawat guro sa Grade 9. Sa personal na karanasan ni Goring (2025) sa kanyang pagtuturo, ang isa sa mga suliraning kanyang hinaing ay ang kakulangan ng kagamitan ng guro sa pagtuturo ay nakakaapekto sa interes ng guro sa pagtuturo at maaaring apektado ang kalidad ng pagtuturo at ganoon din ang kalidad na edukasyon. Kaya marami sa mga guro ang sinikap na makabuo ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kontekswalisadong learning materials bilang supplementary materials tulad nina Goring (2025) at Depardas (2025).

**Talahanayan 3**
***Baliditi ng Banghay-Aralin Ayon sa Konsepto***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | Mean | |
|---|---|---|---|---|---|
| Malinaw na ipinaliwanag ang mga gawain | 5 | 4 | 5 | **4.6** | *Napakabalido* |
| Malinaw na ipinaliwanag ang konsepto ng paksa | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Napakabalido* |
| Nakakuha ng atensiyon ng mga mag-aaral ang mga gawain | 4 | 5 | 4 | **4.3** | *Napakabalido* |
| Nakapukaw sa kawilihan ng mga mag-aaral ang mga gawain | 4 | 5 | 4 | **4.3** | *Napakabalido* |
| **Kabuuan** | | | | **4.5** | ***Napakabalido*** |

*Deskripsiyon*

*4.2 - 5.0 Napakabalido*
*3.4 - 4.1 Balidong-balido*
*2.6 - 3.3 Balido*
*1.8 - 2.5 Hindi masyadong Balido*
*1.0 - 1.7 Hindi Balido*

Inilahad ng Talahanayan 3 na mataas ang iskor ng banghay-araling sinuri. Nagpapahiwatig ito na ang guro ay may kakayahang magturo, makakuha sa atensiyon at makakuha ng kawilihan ng mga mag-aaral. Pinatotohanan ito sa pag-aaral ni Depardas (2025) at Goring (2025), sinabing nilang sa loob ng ilang taon ng kanyang pagtuturo, sa kanyang asignatura ay natuto siyang baybayin ang landas patungong bukas ng kanyang mag-aaral at nasabi niya sa sarili na sadyang ang guro ay walang kapagurang galugarin ang bawa't posibilidad upang maabot ang pinakamataas na kalidad ng edukasyon ng kanyang mga mag-aaral. Dagdag pa niya na ang hangarin at mithiin ng bawat guro ay magampanan nang maayos ang kanyang tungkulin bilang tagahubog sa kanyang mga mag-aaral.

Ayon kay Yamson at Borong (2022) ang guro ay may maraming nalalaman *(versatile),* gagawa at gagawa siya ng paraan para mabigyan ng magandang edukasyon ang kanyang mag-aaral. Sang-ayon ang mananaliksik sa pahayag nina Depardas (2025) at Goring (2025) kaya naniniwala siyang ang mga sanggunian lalo na sa paglolokalisado ay dapat pagtuunan ng pansin ng mga namumuno ng edukasyon upang mahanapan ng solusyon ang kakulangan ng mga sanggunian na karaniwang suliranin ng mga guro ng IAD 4 sa Filipino 9. Ang kalidad ng pagtuturo ang magiging sandigan upang ang pagkatuto ng mga bata ay magiging mabisa at mabunga at upang magiging epektibo ang pagtuturo ng isang guro kailangan ang kanyang kaalamang napapaloob sa banghay-aralin at higit sa lahat ang pagkakaroon ng sapat na kagamitan tulad ng mga sanggunian sa pagtuturo.

Sa Talahanayan 4 inilahad ang baliditi ng banghay-aralin sa baiting 9 ayon sa panuto. Ipinakita sa resulta na sa apat na indikador nakakuha ng mean na 4.8 (*napakabalido*) ang baliditi ng banghay-aralin. Nagpapahiwatig lamang na ang banghay-aralin na nabuo sa Grade 9 ng mananaliksik ay naaayon sa mga pamantayan ibinigay ng DepEd Memo No. 8. S.

**Talahanayan 4**
***Baliditi ng Banghay-Aralin Ayon sa mga Panuto***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | Mean | |
|---|---|---|---|---|---|
| Payak at malinaw | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Napakabalido* |
| Madaling sundin | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Napakabalido* |
| Maayos ang pagkasunod-sunod | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Napakabalido* |
| Maaring gawin ng isahan | 4 | 5 | 4 | **4.3** | *Napakabalido* |
| **Kabuuan** | | | | **4.8** | ***Napakabalido*** |

*Deskripsiyon*

*4.2 - 5.0 Napakabalido*
*3.4 - 4.1 Balidong-balido*
*2.6 - 3.3 Balido*
*1.8 - 2.5 Hindi masyadong Balido*
*1.0 - 1.7 Hindi Balido*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ito ay patutunayan ng mananaliksik batay sa kanyang personal na naobserbahan ng kanyang mga mag-aaral sa klase. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang banghay-aralin ay kailangang planuhin nang maayos lalo na sa mga iba't ibang gawaing ipapagawa ng mga mag-aaral. Batid ng lahat na ang mga teknolohiya ay matinding karibal ng atensiyon ng mga mag-aaral. Sa katunayan sa resulta ng pag-aaral nina Yamson at Borong (2023) natuklasan sa kanilang pag-aaral na pawang nakakuha ng mataas na antas ng kakayahan ang mga mag-aaral kung ginagamitan ng makabagong teknolohiya tulad ng mga video clip, powerpoint, at iba pa.

**Talahanayan 5**
***Baliditi ng Banghay-Aralin Ayon sa Praktikal ng Gawain/ ng Pagsasanay***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | Mean | |
|---|---|---|---|---|---|
| May kaugnayan sa aralin | 5 | 4 | 4 | **4.3** | *Napakabalido* |
| Sapat at nakalilinang sa kasanayang komunikasyon | 4 | 4 | 4 | **4.0** | *Balidong-balido* |
| Naangkop sa kakayahan ng mga mag-aaral | 4 | 5 | 4 | **4.3** | *Napakabalido* |
| Sapat ang mga gawain sa pagkilala sa mga kasanaya ng mga mag-aaral | 4 | 5 | 4 | **4.3** | *Napakabalido* |
| **Kabuuan** | | | | **4.2** | ***Napakabalido*** |

*Deskripsiyon*
*4.2 - 5.0 Napakabalido*
*3.4 - 4.1 Balidong-balido*
*2.6 - 3.3 Balido*
*1.8 - 2.5 Hindi masyadong Balido*
*1.0 - 1.7 Hindi Balido*

Ipinakita sa talahanayan na may 4.2 na mean o *napakabalido* ang nakuhang balidit ng mga banghay-araling ginawa ng mananaliksik. Ang resulta ay nagpapahiwatig na sadyang makikita o matatagpuan sa banghay-aralin ang mga paksang pampaglalapat kaya naging katanggap-tanggap ang mga gawain sa banghay-aralin.

Ayon kina Yamson at Borong (2022) sa bahagi ng banghay-aralin ang aplikasyon ay isa sa mga mahalagang bahagi na matataya ang natutunan ng mga mag-aaral sa klase. Ipinaliwanag pa nina Yamson at Borong (2022) na sa bahagi ng aplikasyon ay nararapat bigyan ng mga guro ang mga mag-aaral ng mga gawain na mapilitan silang mag-isip upang mahasa ang kanilang HOTS. Kaugnay nito ipinahayag ni Bueno (2017) na sa banghay-aralin ay may limang mahahalagang bahagi. Ang sa mga bahaging ito ay ang *pamamaraan* kung saan nakapaloob ang *aplikasyon.* Ayon kay Bueno (2017) sa bahagi ng *aplikasyon* binigyan ng guro ng maraming mga gawaing makapagpalinang sa kanilang kakayahan. Dito masusukat ng guro kung kagalingan ng kanyang mag-aaral. Nagpapahiwatig lamang ito na ang mga banghay-aralin ay nagpapalinang sa kakayahan ng mga mag-aaral. Nangangahulugan na sa pagtuturo dapat na isaisip ng guro ang kapakanan ng mga mag-aaral lalo na sa kanilang kaalaman.

**Talahanayan 6**
***Baliditi ng Banghay-Aralin Ayon sa Paksa***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | Mean | |
|---|---|---|---|---|---|
| Naaayon sa PELC | 4 | 4 | 5 | **4.3** | *Napakabalido* |
| Organisado | 4 | 4 | 3 | **3.6** | *Balidong-balido* |
| Maayos na pagkalahad | 5 | 5 | 4 | **4.6** | *Napakabalido* |
| Lohikal na pagkalahad | 4 | 4 | 4 | **4.0** | *Balidong-balido* |
| **Kabuuan** | | | | **4.1** | ***Balidong-balido*** |

*Deskripsiyon*
*4.2 - 5.0 Napakabalido*
*3.4 - 4.1 Balidong-balido*
*2.6 - 3.3 Balido*
*1.8 - 2.5 Hindi masyadong Balido*
*1.0 - 1.7 Hindi Balido*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Batay sa pagtataya ng mga ebalweytor nakakuha ng may *balidong-balido* ang baliditi ng banghay-aralin. Nagpapahiwatig lamang ito na responsibilidad ng guro na magbigay ng mga gawaing kahamon-hamon sapagkat paraan ito para malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral. Ito ay nagpapahiwatig lamang na nasa kamay ng mga guro kung paano paglaruan ang utak ng mga mag-aaral kaya ang guro ay hindi titigil na mag-isip ng inobasyon para malinang ang kanilang kakayahan sa layuning masukat ng mga guro ang natutunan ng mga mga-aaral.

**Talahanayan 7**
***Buod ng Resulta ng Baliditi ng Banghay-aralin***

| Indikador | Mean | |
|---|---|---|
| Mga Layunin | 4.5 | *Napakabalido* |
| Mga Konsepto | 4.5 | *Napakabalido* |
| Mga Panuto | 5.0 | *Napakabalido* |
| Praktikal ang mga pagsasanay | 4.2 | *Napakabalido* |
| Paksa/Tapik | 4.2 | *Napakabalido* |
| **Kabuuan** | **4.5** | ***Napakabalido*** |

*Deskripsiyon*

| | | | |
|---|---|---|---|
| *4.2* | - | *5.0* | *Napakabalido* |
| *3.4* | - | *4.1* | *Balidong-balido* |
| *2.6* | - | *3.3* | *Balido* |
| *1.8* | - | *2.5* | *Hindi masyadong Balido* |
| *1.0* | - | *1.7* | *Hindi Balido* |

Sa Talahanayan 7, makikita ang kabuuang baliditi ng banghay-aralin na sinuri sa pamamagitan ng apat na bahagi. Ang mga resulta ay nagpapakita ng mataas na antas ng baliditi para sa bawat kategorya, na kung saan ang mga layunin at konsepto ay parehong nakakuha ng mean na 4.5, habang ang mga panuto ay nakakuha ng perpektong mean na 5.0. Ang mga praktikal na pagsasanay at paksa o tapik naman ay nagkaroon ng mean na 4.2. Ang kabuuang mean na 4.5 ay nagpapahiwatig na ang banghay-aralin ay nasa kategoryang *napakabalido*.

Ang mga mean score na 4.2 hanggang 5.0 ay nagpapakita ng mataas na kalidad at pagiging angkop ng mga materyales at estratehiya na ginamit sa banghay-aralin. Ang pagkakaroon ng mga score na ito ay nangangahulugan na ang mga nilalaman ng banghay-aralin ay mahusay na nakatutugon sa mga pamantayan ng Department of Education (DepEd). Sa partikular, ang mga layunin na itinakda ng guro ay hindi lamang nakatuon sa akademikong pagsasanay kundi pati na rin sa pagpapalawak ng kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Bagaman ang mga guro ay may kakayahang bumuo ng mga gawain na naaayon sa hinihingi ng kompetensi, may mga hamon pa ring kinahaharap ang ilan sa kanila, lalo na sa kakulangan ng mga sanggunian. Ang kakulangan ng mga akdang maaaring gamitin bilang gabay ay nagiging hadlang sa mas epektibong pagtuturo. Ito rin ay isang karaniwang hinaing ng mga guro sa iba pang institusyon, na nagpapakita ng pangangailangan para sa mas maraming mapagkukunang materyales na magagamit sa kanilang pagtuturo.

Ayon sa pag-aaral ni Madera (2025), ang mga gawain o pagsasanay na ibinibigay sa mga mag-aaral ay dapat hindi lamang nakatuon sa paglinang ng mga kasanayan kundi pati na rin sa pagpapayaman ng kanilang karanasan. Ang mga ito ay dapat makapagbigay ng mga magagandang aral na nakapaloob sa mga panitikang ginamit ng guro, na nagiging pundasyon sa kanilang pagkatuto. Ang layunin ng mga kompetensi ay hindi lamang upang ihanda ang mga mag-aaral para sa kanilang hinaharap na propesyon kundi pati na rin sa paghubog ng kanilang pagkatao, na mahalaga sa kanilang kabuuang pag-unlad.

Sa kabuuan, ang pagsusuri sa baliditi ng banghay-aralin ay nagpapakita ng mataas na antas ng pagtugon sa mga kinakailangan ng DepEd, na nagpapakita ng kakayahan ng mga guro na makapaghatid ng makabuluhang edukasyon. Gayunpaman, may mga hamon pa ring dapat tugunan, partikular ang kakulangan ng mga sanggunian, upang higit pang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo at matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang patuloy na pag-aaral at pag-unlad sa mga estratehiya ng pagtuturo ay mahalaga upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon sa bansa.

**Katanggap-tanggap na Paglinang ng Banghay-aralin**

Sa bahaging ito ipinakita ang resulta ng pagsusuri ng mga gurong ebalweytor ang markang batay sa katanggap-tanggap na paglinang ng mga banghay-aralin. Ipinakita sa talahanayan na ang mga gawaing nakasulat sa banghay-aralin sa kalinawan ay nasa ***lubos na katanggap-tanggap***. Ipinakita sa talahanayang ito na binigyan ng guro ang kanyang banghay-aralin ng mga gawaing magpapaunlad nang husto sa kaalaman ng mga mag-aaral. Ipinakita na ang guro ay nagbigay ngmalasakit sa mga mag-aaral na mabigyan ng maganda at de-kalidad na edukasyon ang mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 8**
***Lebel na Katanggap-tanggap na Paglinang ng Banghay-aralin sa Kalinawan***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | Mean | |
|---|---|---|---|---|---|
| Malinaw at tiyak ang mga impormasyon | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Madaling maunawaan ang mga salitang ginamit | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Ang konsepto sa bawat | 4 | 5 | 4 | **4.3** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | | | | **4.7** | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

*Deskripsiyon*
*4.2 - 5.0 Lubos na Katanggap-tanggap*
*3.4 - 4.1 Higit na Katanggap-tanggap*
*2.6 - 3.3 Katanggap-tanggap*
*1.8 - 2.5 Hindi masyadong Katanggap-tanggap*
*1.0 - 1.7 Hindi Katanggap-tanggap*

Ayon kina Sarmiento at Reyes (2025), nakahahamon ang mga tungkulin ng guro at gagawin ang lahat mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral. Ang resultang ipinakita ay nagpapahiwatig na ang mga banghay-aralin ay katanggap-tanggap gamitin sa pagtuturo ng Grade 9 lalo na sa paraang ang mga ito ay maikontekstwalisado at mailokalisado. Inilalarawan sa Talahanayan 9, tungkol sa kapakinabangan ng mga gawaing napapaloob sa banghay-aralin. Mapapansin na may *lubos na na katanggap-tanggap* ang deskripsiyon o resulta ng mga pagsusuri ng banghay-aralin. Ang mga krayteryang nakapaloob sa talahanayan ay binigyan-diin ang mga gawaing kakikitaan ng analitikal na kakayahan. Nangangahulugan na ang ganitong mga gawain ay pinahahalagahan ang mga mataas na lebel ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 9**
***Lebel na Katanggap-tanggap na Paglinang ng Banghay-aralin sa Kapakinabangan***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | Mean | |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang kagamitang panturong ginamit ay makalilinang sa kritikal nap ag-iisip ng mga mag-aaral | 4 | 4 | 4 | **4.0** | *Higit na Katanggap-tanggap* |
| Ang konsepto ng kagamitang panturo ay payak at komprehensibo | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Ang kabubuuang gawain ay madaling matutunan | 4 | 5 | 5 | **4.6** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Ang kagamitang panturo ay nagbigay oportunidad sa pagpapalinang ng kasanayang komunikasyon | 5 | 5 | 4 | **4.6** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Napapalooban ng mga gawaing nagbibigay sapat na kaliwanagan sa mga mag-aaral. | 4 | 5 | 4 | **4.3** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Hinihimok ang kawilihan ng mga mag-aaral aktibong makikilahok sa mga gawain | 4 | 4 | 4 | **4.0** | *Higit na Katanggap-tanggap* |
| Pinagsisigla ang isipan ng mga mag-aaral | 4 | 4 | 4 | **4.0** | *Higit na Katanggap-tanggap* |
| Ang mga gawain/pagsasanay may kaugnayan ang mga konsepto sa dating paksa | 5 | 4 | 4 | **4.6** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | | | | **4.4** | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

*Deskripsiyon*
*4.2 - 5.0 Lubos na Katanggap-tanggap*
*3.4 - 4.1 Higit na Katanggap-tanggap*
*2.6 - 3.3 Katanggap-tanggap*
*1.8 - 2.5 Hindi masyadong Katanggap-tanggap*
*1.0 - 1.7 Hindi Katanggap-tanggap*

Ang resulta ng pagsusuri sa lebel ng katanggap-tanggap ng paglinang ng banghay-aralin ay nagpapakita ng mataas na antas ng kasiyahan at kalidad ng mga kagamitang panturo na ginamit. Ang mga evaluators (Evaluator 1, 2, at 3) ay nagbigay ng mga mean scores na nagpapahiwatig ng positibong pagtanggap sa banghay-aralin, katunayan may 4.4 na mean o (Lubos na Katanggap-tanggap) na antas ng kalidad sa paglinang ng banghay-aralin. Ipinapakita nito na ang mga guro ay nagtatrabaho nang masigasig upang makabuo ng mga makabuluhang materyal at gawain na nakatutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita ng positibong pananaw sa kalidad ng mga kagamitang panturo. Ang mga guro ay hindi lamang nag-iisip ng mga gawaing pang-akademiko, kundi sila rin ay nakatuon sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto.Isang mahalagang hakbang upang mapanatili ang mataas na antas ng edukasyon at pagpapabuti sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ang mga nasabing indikador at resulta ay dapat maging gabay sa mga guro sa kanilang patuloy na pag-unlad at pagsasanay sa pagtuturo.

**Talahanayan 10**

***Lebel na Katanggap-tanggap na Paglinang ng Banghay-aralin Ayon sa Wika at Istilo***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | Mean | |
|---|---|---|---|---|---|
| Maayos ang pagpresenta at tama ang paggamit ng gramatika. | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Madaling maunawan ang mga salita/wikang ginamit. | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Sapat at pamilyar ang mga salitang ginamit na madaling maunawaan sa mga mag-aaral. | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Ang estruktura, istilo at porma ng pagkalahad ang angkop sa lebel/gradong tinuturuan. | 4 | 4 | 5 | **4.33** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | | | | **4.8** | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

*Deskripsiyon*

| | | | |
|---|---|---|---|
| *4.2* | *-* | *5.0* | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| *3.4* | *-* | *4.1* | *Higit na Katanggap-tanggap* |
| *2.6* | *-* | *3.3* | *Katanggap-tanggap* |
| *1.8* | *-* | *2.5* | *Hindi masyadong Katanggap-tanggap* |
| *1.0* | *-* | *1.7* | *Hindi Katanggap-tanggap* |

Malinaw na ipinakita sa Talahanayan 10 na ang mga gawain o krayteryang nakapaloob sa talahanayan ay angkop at tumpak ayon sa itinalaga ng DepEd. Sa pagbuo ng banghay-aralin, ang unang inisip ng mga guro ay kung paano magiging epektibo ang kanyang pagtuturo at ganoon din ang epektibong pagpapalinang sa kakayahan ng bawat mag-aaral sapagkat de-kalidad na mga mag-aaral ang hinahangad ng bawat guro. Ang mga pagsasanay na ibinigay sa mga mag-aaral ay yaong makapagpaunlad sa kanilang kakayahan, kasanayan at kaalaman. Sa madaling salita naaayon sa kanilang akademikong pangangailangan. Nangangahulugan na hindi lamang ang pangunahing layuning ng pagsasanay ay maihanda ang mga mag-aaral sa kanilang magiging propesyon kundi pati na rin sa paghubog ng kanilang pagkatao sa pamamagitang ng mga pagpapahalagang pangkatauhang napapaloob sa bawat lunsaran.

Ang Talahanayan 11 ay naglalahad sa lebel na katanggap-tanggap na paglinang ng banghay-aralin ayon sa ilustrasyon. Ipinakita sa resultang ito na katanggap-tanggap at naayon ang banghay-aralin ayon sa ilustrasyon. Ipinakita sa talahanayan na pawang *lubos na katanggap-tanggap* o *5* ang ibinigay na marka ng mga ebalweytor. Ang resultang ito ay nagpapatunay na ang banghay-aralin sa Grade 9 ay nakasunod sa panununtunan ng Departamento ng Edukasyon lalo na sa ilustrasyon. Isang mahalagang kagamitang pampagtuturo ng guro. Nagisilbi itong Bibliya sa pagtuturo kaya kailangan na ang mga banghay-aralin ay sumunod sa mga pagtatayang hiningi ng DepEd. Dapat alalahanin ng mga guro na gaano man kamahal at kaganda ang isang kagamitang pampagtuturo ang ginamit sa pagtuturo ng guro kung hindi naman ito naaayon sa layunin ng aralin ay wala rin itong kabuluhan. Magiging epektibo ang pagtuturo ng isang guro kung may sapat siyang kaalaman sa paggamit ng iba't ibang kagamitang panturong makatutulong sa pag-unawa at upang ang kaalaman ay maging makahulugan at madagdagan pa ang kaalaman ng mga mag-aaral. Ang edukasyon ay haligi sa pag-aaral ng mga kasanayan na magsisilbing daan sa pagbuo at pagkakaroon ng mabuting lipunan.

Ang kasigasigan ng lahat na mga mag-aaral ay nakasalalay sa mga balikat ng guro. Samakatuwid kung ang isang guro ay masigasig sa pagtuturo at sumunod sa mga pamantayang hinihingi ng DepEd ay makabuo ng isang produktibong mag-aaral (Lisondra, 2005) ay maaaring palawakin batay sa resultang nakuha sa ilustrasyon ng lebel ng katanggap-tanggap na paglinang ng banghay-aralin, kung saan lahat ng indikador ay nakakuha ng perpektong iskor (Mean = 5.0) at naitalang Lubos na Katanggap-tanggap.

Ang mataas na antas ng pagtanggap sa banghay-aralin ay nagpapahiwatig na ang guro ay masusing naghanda ng aralin alinsunod sa mga pamantayang pedagogikal na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang pagiging "payak at simple", kawili-wiling mga pagsasanay, malinaw na lahad ng mga gawain, at kaugnayan sa paksa ay hindi lamang nagpapakita ng kasanayan sa pagdisenyo ng leksyon kundi ng malalim na pag-unawa ng guro sa kung paano matuto ang mga mag-aaral.

**Talahanayan 11**
***Lebel na Katanggap-tanggap na Paglinang ng Banghay-aralin Ayon sa Ilustrasyon***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | Mean | |
|---|---|---|---|---|---|
| Payak at simple | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Nakakuha ng kawilihan sa mga mag-aaral ang mga pagsasanay | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Malinaw ang pagkalahad ng mga gawain | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| May kaugnayan sa paksa ang mga gawain | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | | | | **5.0** | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

*Deskripsiyon:*

| | | | |
|---|---|---|---|
| *4.2* | - | *5.0* | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| *3.4* | - | *4.1* | *Higit na Katanggap-tanggap* |
| *2.6* | - | *3.3* | *Katanggap-tanggap* |
| *1.8* | - | *2.5* | *Hindi masyadong Katanggap-tanggap* |
| *1.0* | - | *1.7* | *Hindi Katanggap-tanggap* |

Ayon kay Lisondra (2005), ang tagumpay ng mag-aaral ay hindi maihihiwalay sa kasigasigan ng guro. Kaya naman ang resulta ng pagtataya mula sa mga evaluator ay patunay na ang guro ay hindi lamang sumunod sa pamantayan kundi pinairal din ang pagiging masigasig sa paglinang ng isang banghay-aralin na nakasentro sa pagkatuto ng mag-aaral. Ang resulta ng ebalwasyon ay nagbibigay ng kongkretong patunay sa pahayag ni Lisondra ang kalidad ng banghay-aralin ay repleksyon ng kasigasigan ng guro, at ito rin ang susi sa pagbuo ng mga produktibong mag-aaral. Sa pamamagitan ng isang mahusay na planong aralin, nagkakaroon ng makabuluhang koneksyon ang guro sa mag-aaral, at lumalakas ang posibilidad ng tagumpay sa pagkatuto.

Tulad ng ilustrasyon ang presentasyon na ipinakita sa Talahanayan 12 ay puro nakakuha ng 5 o lubos na katanggap-tanggap ang bawat indikador. Nangangahulugan na ang mga indikador na ito ay nakapaloob sa banghay-aralin ng Grade 9. Marami ng mga pag-aaral kung paano mapalinang ang kakayahan ng mga mag-aaral.

Ito ay nagpapahiwatig na ang isang banghay-aralin na sumunod sa mga hinihingi ng DepEd tiyak na makamtam ang hangarin ng pamahalaan na magkakaroon ng produktibong mag-aaral na magsisilbing puhunan na mapaunlad ang isang bansa. Sa isang kawikaan na "Ang kabataan ay pag-asa ng bayan", ibig sabihin habang ang mga mag-aaral ay bata pa ay umpisahan na silang turuan ng mga kinakailangang kasanayan upang makatulong sa kanila pagdating sa mataas na lebel ng pag-aaral.

**Talahanayan 12**
***Lebel na Katanggap-tanggap na Paglinang ng Banghay-aralin Ayon sa Presentasyon***

| Indikador | Mean Evaluator 1 | 2 | 3 | Mean | |
|---|---|---|---|---|---|
| Lohikal at maayos na pagpresenta ng paksa | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Payak at madaling maunawaan ang mga panuto | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Angkop ang paksa sa lebel ng mga mag-aaral | 5 | 5 | 5 | **5.0** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | | | | **5.0** | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

*Deskripsiyon*

| | | | |
|---|---|---|---|
| *4.2* | - | *5.0* | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| *3.4* | - | *4.1* | *Higit na Katanggap-tanggap* |
| *2.6* | - | *3.3* | *Katanggap-tanggap* |
| *1.8* | - | *2.5* | *Hindi masyadong Katanggap-tanggap* |
| *1.0* | - | *1.7* | *Hindi Katanggap-tanggap* |

Sa pag-aaral nina Darra et al., (2018) iminungkahi nilang dapat na isapuso at gawing seryoso ng mga guro ang kanilang mga tungkulin sa pagtuturo. Totoong hindi madali ang magiging isang guro kaya'y tinawag itong dakilang propesyon dahil sa hindi basta-bastang tungkulin. Ang guro ay hindi lamang nagsisilbing pangalawang ina kundi nagsisilbi ring tagahatid ng mga kaalaman at tagahubog ng pagkatao ng mga kabataan.

Malinaw na makikita sa Talahanayan 12 na pawang nakakuha ng o lubos na katanggap-tanggap ang nakakuha sa bawat

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

indikador na ibinigay na marka ng mga evaluator. Ipinakita lamang sa resultang ito na ang sinuring banghay-aralin sa baitang 9 ay napapalooban ng mga gawaing nakabatay sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ipinakita sa banghay-aralin na ang mga gawaing inihanda ng guro ay naaayon sa hinihingi ng paksa.

Ang Talahanayan 13 ay nagpapakita sa lebel na katanggap-tanggap sa mga sinuri na banghay-aralin ayon sa kaangkupan. Makikita na sa apat na indikador ay nakakuha ng higit na katanggap-tanggap ang deskripsyon. Isang indikador lamang ang nakakuha ng lubos na katanggap-tanggap. Sa resultang ito ay nangangahulugan lamang na ang mga guro ay may kakayahang makuha ang kawilihan ng kanyang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-iisip ng mga gawaing kawili-wili kahit gaano man kadami ang mga mag-aaral na mayroon ang isang guro.

**Talahanayan 13**

***Lebel na Katanggap-tanggap na Paglinang ng Banghay-aralin Ayon sa Kaangkupan***

| **Indikador** | **Mean Evaluator** | | | **Mean** | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **1** | **2** | **3** | | |
| Ang mga gawain ay naaayon sa kapasidad ng mga mag-aaral. | 4 | 4 | 4 | **4.0** | *Higit na Katanggap-tanggap* |
| Ang mga pagsasanay ay naangkop at naaayon sa paksa. | 4 | 4 | 4 | **4.0** | *Higit na Katanggap-tanggap* |
| Ang mga pagsasanay ay may kaugnayay, kawili-wili at nakaiingganyo sa mga mag-aaral. | 4 | 4 | 5 | **4.3** | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Ang paggamit ng mga ebalwasyon sa mga gawain at katanggap-tanggap at masasakop ang buong klase sa loob ng silid-aralan. | 4 | 4 | 4 | **4.0** | *Higit na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | | | | **4.0** | ***Higit na Katanggap-tanggap*** |

*Deskripsiyon*

*4.2 - 5.0 Lubos na Katanggap-tanggap*
*3.4 - 4.1 Higit na Katanggap-tanggap*
*2.6 - 3.3 Katanggap-tanggap*
*1.8 - 2.5 Hindi masyadong Katanggap-tanggap*
*1.0 - 1.7 Hindi Katanggap-tanggap*

Naniniwala sina Tufekcic et al., (2015) na naging balakid sa mga guro ang pagkakaroon ng *oversized* na mga klase. Pero hindi ito hadlang upang magiging tamad ang mga guro bagkus magsisilbi itong hamon upang masukat ang kanyang kakayahan kung paano niya matagumpayan ang suliraning ito. Ipinahayag din ni Velzen (2016) na ang tagumpay ng pagtuturo ay hindi sa dami ng mga mag-aaral pero sa istilo at estratehiya na ginamit ng guro. Nangangahulugan lamang na ang tagumpay sa pagtuturo ay nakasalalay sa dedikasyon ng guro sa pagtuturo. Ang dedikasyon ay maipakita sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang dulog, estratehiya at kawili-wiling mga gawain.

Ang Talahanayan 14 ay nagpapakita kung gaano makabuluhan ang pagiging katanggap-tanggap sa pagpalinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa mga banghay-aralin na binuo ng guro. Nangangahulugan lamang na ang guro lalo na sa Grade 9 ay nagkaroon ng taos-pusong malasakit na magkakaroon ng isang de-kalidad na mga mag-aaral. Anumang mga kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ay magiging apektado ang imahe ng paaralan ng kanyang pinaggalingan kung saan sumasalamin ito sa mga uri ng guro. Inamin ng mananaliksik na sa kasalukyan isang malaking hamon bilang isang tagahubog. Hamon sapagkat kailangang mag-isip ang guro ng mga gawaing katanggap-tanggap sa kawilihan o interest ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 14**

***Buod ng Resulta ng Lebel na Katanggap-tanggap na Paglinang ng Banghay-aralin***

| **Indikador** | **Mean** | |
|---|---|---|
| Kalinawan | 4.7 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Kapakinabangan | 4.4 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Wika at Istilo | 4.8 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Ilustrasyon | 5.0 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Presentasyon | 5.0 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| Kaangkupan | 4.0 | *Lubos na Katanggap-tanggap* |
| **Kabuuan** | **4.6** | ***Lubos na Katanggap-tanggap*** |

*Deskripsiyon*

*4.2 - 5.0 Lubos na Katanggap-tanggap*
*3.4 - 4.1 Higit na Katanggap-tanggap*
*2.6 - 3.3 Katanggap-tanggap*
*1.8 - 2.5 Hindi masyadong Katanggap-tanggap*
*1.0 - 1.7 Hindi Katanggap-tanggap*

Nagpapahiwatig lamang ito na ang paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral ay may malaking ginagampanan ang guro bilang tagahubog sa kaalaman ng bawat mag-aaral. Iminungkahi ni Talafhah (2018) na hindi titigil ang mga guro sa pagkiliti ng kanyang mga mag-aaral para lamang umunlad ang kanilang kasanayan. Ang pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral ay isa sa mga sinumpaan ng bawat guro. Samakatuwid kailangan pang pursigido ang pagsisikap ng mga guro para sa kapakanan sa kanyang mga mag-aaral. Idinagdag pa, dapat na isapuso at gawing seryoso ng mga guro ang kanilang mga tungkulin sa pagtuturo. Totoong hindi madali ang magiging isang guro kaya'y tinawag itong dakilang propesyon dahil sa hindi basta-bastang tungkulin. Ang guro ay hindi lamang nagsisilbing pangalawang ina kundi nagsisilbi ring tagahatid ng mga kaalaman at tagahubog ng pagkatao ng mga kabataan. Samakatuwid na magtagumpay ang guro sa pagtuturo dahil sa kanyang dedikasyon. Dedikasyon dahil hindi titigil ang guro na mag-isip ng mga pagsasanay o mga gawain para aangat ang kasanayan ng mga mag-aaral.

## 5.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang paglokalays at pagkontekstwalays ng banghay-aralin sa Filipino 9 ay kinakailangan upang madaling maiugnay ng mga mag-aaral sa sitwasyon, nang sa gayon ay madaling mapalinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mga pamaraang ito ay nagbibigay ng konkretong tulay upang maiuugnay ng mga mag-aaral ang kanilang natututuhan sa kanilang realidad at pang-araw-araw na karanasan. Sa halip na maging abstrakto o banyaga ang mga konsepto, nagiging mas relatable at madaling maintindihan ang mga ito. Dahil dito, mas aktibo at mas makabuluhan ang partisipasyon ng mga mag-aaral, na nagbubunsod ng mas malalim na pagkatuto. Bukod pa rito, mas epektibong nahuhubog ang mga kasanayang komunikatibo, kritikal na pag-iisip, at mapanuring pananalita ng mga mag-aaral sapagkat ang mga ito ay ginagamitan ng mga pamilyar na sitwasyon na humahamon sa kanila na mag-isip, magsuri, at magpahayag batay sa kanilang sariling karanasan. Sa kabuuan, ang paglokalays at pagkontekstwalays ng banghay-aralin ay hindi lamang istratehiya sa pagtuturo, kundi isa ring makabuluhang paraan upang magkaroon ng demokratiko, makatarungan, at inklusibong edukasyon kung saan ang bawat mag-aaral ay nakikita at naririnig sa loob ng silid-aralan. Iminungkahi na bigyan ng pansin ng namumuno ng edukasyon ang mga suliranin ng mga guro tungkol sa kakulangan ng mga sanggunian upang maisakatuparan ang hangarin ng Matatag kurikulum. At sa mga kinauukulan ng DepEdbumuo ng isang grupong mangalap ng mga lokal na akdang pampanitikan at gawin itong aklat o gabay sa pagtuturo upang magagamit ng mga guro bilang batayan sa pagtuturo

## 6.0 MGA SANGGUNIAN

1. *Borong, N. (2021). Southern Leyteño's folklore narratives on lifestyle and leisure. International Journal of Research Studies in Education, 10 (11), pp. 41-48.*
2. *Borong, N. (2024). Distinctive meanings of superstitions about death and marriage in Leyte, Philippines. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10 (6).*
3. *Depardas, K. (2025). Kontekstwalisadong gamified na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino 5. Di-nailathalang tesis sa Southern Leyte State University-Main Campus, Sogod, Southern Leyte.*
4. *Goring, G. (2025). Paglinang ng gramatikal na kasanayan gamit ang ai: Isang panukalang interaktibong kagamitang pampagtuturo. Di-nailathalang tesis sa Southern Leyte State University-Tomas Oppus Campus, Tomas Oppus, Southern Leyte.*
5. *Madera, C. (2025). Paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat: Pagbuo ng suplementaryong kagamitang panturo gamit ang ai. Di-nailathalang tesis sa Southern Leyte State University-Tomas Oppus Campus, Tomas Oppus, Southern Leyte.*
6. *Sarmiento, J. at Reyes, C. (2025). WIKAalaman: Pagdisensyo ng web-based tool bilang kasangkapan ng pagkatuto sa kursong kontekstwalisadong komunikasyon sa Filipino. International Journal of Advanced Multidisiplinary Studies, 4 (2).*
7. *Yamson, E. at Borong, N. (2022). Metacognitive strategies for developing writing skills. International Journal of Social Sciences and Humanities Invention, 9(11), 7395-7403. https://doi.org/10.18535/ijsshi/v9i011.08*
8. *Yamson, S. at Borong, N. (2023). Digital storytelling as a method for teaching writing skills. Multidisciplinary Science Journal, 5, 2023063. https://doi.org/10.31893/multiscience.2023063*